


# Filipino

## Ikatlong Markahan –Modyul 6: Pagkilala sa Simuno at Panaguri sa Pagpahayag ng Opinyon o Katotohanan



**Filipino – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikatlong Markahan – Modyul 6: Pagkilala sa Simuno at Panaguri sa Pahayag na  
Opinyon o Katotohanan.**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis-Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Joan C. Adriatico	
<b>Editor:</b>	Julito E. Lagrimas	Myra L. Bato
<b>Tagasuri:</b>	Julito E. Lagrimas	Cora G. Catapan
<b>Tagaguhit:</b>	Zinnia Miura T. Gatchalian	
<b>Tagalapat:</b>	Beatrice A. Olmedo	Jerome B. Reynes
<b>Tagapamahala:</b>	Ma. Gemma M. Ledesma	
	Arnulfo M. Balane	Rosemarie M. Guino
	Joy B. Bihag	Ryan R. Tiu
	Gorgonio G. Diaz Jr.	Crista Joy A. Torbila
	Alex B. Rejuso	Isagani E. Licas
	Lucila R. Balondo	Elvira R. Ribo
	Julito E. Lagrimas	Beatrice A. Olmedo

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

**Department of Education – Regional No. VIII**

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# **Filipino**

**Ikatlong Markahan –Modyul 6:  
Pagkilala sa Simuno at  
Panaguri sa Pagpahayag ng  
Opinyon o Katotohanan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Aralin

# 1

## Pagkilala sa Simuno at Panaguri sa Pagpahayag ng Opinyon o Katotohanan.



Kaibigan, kumusta ang pag-aaral mo ngayong panahon ng pandemya? Ano ang mga alituntunin na iyong narinig o nabasa tungkol sa paraan ng pag-aaral ng *modular distant learning*?

Nasuri mo na ba kung ito ay opinyon o katotohanan?

Sa katunayan, makatutulong sa iyo ang pagsasanay na ito upang masuri mo kung ang iyong binasa o napakinggang pahayag ay opinyon o katotohanan. At mas lalo mo pa itong mauunawaan kung tukoy o alam mo kung alin ang simuno at panaguri sa loob ng pangungusap.



### Alamin



Magandang araw sa iyo, kaibigan!

Ako muli ang iyong kaibigang si Kokoy na iyong makakasama sa paglalakbay sa bagong araling ito.

Sa ating paglalakbay sa bagong araling ito, ating harapin ang malikhaing hamon sa pagsuri kung ang pahayag ay opinyon o katotohanan at ang pagtukoy sa simuno at panaguri ng pangungusap. Nakasisiguro ako na kawiwilihan mo ang ating paglalakbay.

Pagkatapos nating pag-aralan ang modyul na ito, ika'y inaasahang:

1. makasusuri kung ang pahayag ay opinyon o katotohanan (F5PB-III-f-h-19)
2. makasasabi nang simuno at panaguri sa pangungusap. (F5WG-III-i-j-8)

Nananabik ka na bang magsimula? Ako rin, nasasabik na akong samahan ka.

Tara, magsimula na tayo!

Simulan nating subukin ang iyong kahandaan. Madali lang ito, kayang-kaya mo.



## ***Subukin***

**Gawain A: Panuto-** Suriin ang bawat pangungusap kung ito ay nagpapahayag ng **opinyon** o **katotohanan**. Isulat sa iyong sagutang papel ang titik **O** kung **opinyon** at **K** kung **katotohanan** ang pahayag. Pagkatapos, salungguhitan ang **simuno** at bilugan naman ang **panaguri**.

*Halimbawa:*

K 1. Si G. Rodrigo Duterte ay pangulo ng Pilipinas sa taong ito.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang programa sa edukasyon ng Pilipinas ay K to 12.
- \_\_\_\_\_ 2. Para sa akin, ang basurero ang pinakamahalagang katulong sa pamayanan.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang *COVID-19* ay isang nakahahawang sakit na dulot ng bagong *coronavirus*.
- \_\_\_\_\_ 4. Sa tabing-dagat daw magandang magtayo ng bahay-bakasyunan.
- \_\_\_\_\_ 5. Filipino ang Pambansang Wika ng Pilipinas.



Nasagot mo ba ang lahat? Binabati kita sa iyong tagumpay na paglalakbay. Magaling!

Kung nahirapan ka, 'wag kang mag-alala dahil sasamahan kita sa tuluyan mong pagkatoto upang lalo ka pang maging mahusay. Magpatuloy tayo.



## Balikan

Bago tayo tuluyang magpatuloy, magbalik-tanaw muna tayo kaugnay sa paksang ating pinag-aralan sa modyul 5, tungkol sa pagbuo ng *timeline* sa kasaysayang nasaksihan. Basahin nang may pang-unawa ang kuwentong **Maghapon ni Nicole** na nasa ibaba.

### Maghapon ni Nicole

*Nicole C. Adriatico*




<sup>1</sup>Ako po si Nicole, isang mag-aaral sa baitang lima ng Lavezares Central Elementary School. Kasiyahan ko pong makapagpatuloy nang pag-aaral sa panahon po ng pandemya. Sa gabay po ng aking mga magulang, nakakayanan ko naman po.

<sup>2</sup>Sa bawat araw ganito po ang aking mga gawain. Gigising po ako ng alas-sais ng umaga at kakain po ng agahan. Sa alas-syete po maliligo at ihahanda ko na po ang aking sarili sa pagharap sa mga modyul. Kailangan ko pong makatapos ng dalawang asignatura sa isang araw. Simula po alas-otso hanggang alas-onse ng tanghali po ako nag-aaral. Sa oras ng alas-onse y medya, kakain na po kami ng tanghalian. Muli po akong sasagot ng modyul ko sa oras na ala-una hanggang alas-kuwatro po ng hapon.

<sup>3</sup>Sa gabi naman po, pag-uwi ng nanay ko mula sa trabaho, titingnan niya po ang gawa ko kung tama at tatanungin niya po ako sa aking napag-aralan. Tinutulungan po niya ako sa asignaturang nahihirapan ako.

<sup>4</sup>Sa totoo lang po mahirap ang paraan ng pag-aaral sa ngayon, pero sa akin pong pananaw, mas ligtas po ang mag-aral sa loob ng bahay kaysa po sa pumasok sa paaralan ngayong mayroon pong Covid-19.

**Gawain A: Panuto-** Mula sa **kuwentong Maghapon ni Nicole**, gumawa ka ng *timeline* kung paano niya ginagawa ang kaniyang pag-aaral ngayong pandemya. Gawing gabay sa pagsagot ang guhit sa baba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



**Gawain B: Panuto**-Balikan at suriin ang binasang kuwento na “Maghapon ni Nicole” at pagkatapos, sagutin ang kasunod na mga tanong. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Anong bilang ng talata ang nagsasabi ng opinyon?  
a. 1  
b. 2  
c. 3  
d. 4
2. Ano namang bilang ng talata ang nagsasabi ng katotohanan?  
a. 1  
b. 2  
c. 3  
d. 4

**Gawain C: Panuto:** Sumipi ng tatlong pangungusap mula sa kuwentong “Maghapon ni Nicole”. Pagkatapos, bilugan ang simuno at kahunan ang panaguri. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_



## ***Tuklasin***



Kaibigan, naging mapanuri ka na ba? Ito ay pagtingin kung ang isang pahayag ay totoo o hindi.

Laman ng bawat pahayagan, radyo, telebisyon, at *social media* ang iba’t ibang datos na nagpapahayag tungkol sa pandemyang kasalukuyang kinakaharap ng ating bayan. Subalit, naglipana rin ang mga huwad na balita o impormasyon na nagpasalin-salin at lumilikha ng kalituhan sa mamamayan. Kaya habang bata ka pa, mainam na matutuhan mong magsuri kung ang pahayag ay makatotohanan o opinyon lamang. Susubukan nating alamin ang pagkakakilanlan ng mga ito. Basahin ang pag-uusap sa kasunod na seleksiyon.



## ***Bagong Kaalaman ni Lito***



*Nagtungo ang gurong si Gng. Calay sa bahay ng mag-aaral na si Lito. Kukumustahin niya ito sa kaniyang pag-aaral gamit ang modyul. Sa kaniyang paglalakad, nakasalubong niya si Lito mula sa pakikipaglaro.*

**Gng. Calay:** Magandang-araw sa iyo, Lito. Bakit nasa labas ka ng inyong bahay sa ganitong oras? Inaasahan na kasalukuyan kang sumasagot ng iyong mga modyul at hindi nakikipaglaro. Tapos, wala ka pang suot na *face mask* o *faceshield*.

**Lito:** Magandang umaga rin po sa inyo, Gng. Calay. Mamayang gabi na lamang po ako sasagot ng modyul ko. Kaibigan ko naman po ang kalaro ko, hindi naman po ibang tao kaya okay lang pong hindi magsuot ng *mask*.

**Gng. Calay:** Naku Lito, maling paniniwala 'yan. Ayon sa DOH at IATF, lahat tayo ay kailangang magsuot ng *facemask* at *faceshield*. Manatili muna sa bahay higit kayong mga bata at matatanda. Dahil hindi natin nakikita ang *virus*, at maaari tayong mahawa nito sa ating paglalabas at pakikisalamuha sa ibang tao.

Ayon sa DOH, ito ay naipapasa ng tao-sa-tao sa pamamagitan ng pagsagap ng mga maliliit na talsik ng laway mula sa pagsasalita, pagbahing, o pag-ubo ng isang taong may *COVID-19*.

**Lito:** Gng. Calay, hindi naman po ako mahahawa ng *covid* na 'yan kasi po sa araw naman po kami naglalaro. Namamatay daw po kasi 'yung *virus* kapag naarawan.

**Gng. Calay:** Ang pinakapektibong paraan upang maprotektahan ang sarili mo at iba laban sa *COVID-19* ay ang *regular* na paghuhugas ng kamay, pagtatakip ng bibig at ilong gamit ang tisyu sa tuwing uubo, at pagpapanatili ng isang metrong distansiya mula sa mga umuubo o bumabahing, ito ay ayon sa DOH.

Mabuti pa samahan mo na ako sa bahay ninyo para matulungan kita sa iyong mga aralin.

**Gawain A: Panuto-** Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat sa sagutang papel ang sagot.

1. Ano ang paniniwala ng batang si Lito tungkol sa *Covid-19*?
2. Batay sa iyong pag-unawa, sino sa dalawang tauhan ang nagsasabi ng opinyon at ng katotohanan? Patunayan.
3. Ano ang mensahe ng kuwento?

**Gawain B: Panuto-**Kopyahin ang seleksiyon sa iyong sagutang papel. Bilugan ang mga salitang pinag-uusapan sa loob ng bawat pangungusap, at salungguhitan naman ang mga salitang nagsasabi tungkol sa pinag-uusapan.

Nagtungo ang gurong si Gng. Calay sa bahay ng mag-aaral na si Lito. Kukumustahin niya ito sa kaniyang pag-aaral gamit ang modyul. Sa kaniyang paglalakad, nakasalubong niya si Lito mula sa pakikipaglaro.



## ***Suriin***



Tulad nang ipinangako ko sa iyo, ako, ang iyong kaibigang si Kokoy. Ako ang tutulong sa iyo upang higit mong maunawaan ang paksa sa aralin ngayon. Bigyan mo nang higit na pang-unawa ang mga susunod mong mababasa. Susuriin natin ang nilalaman ng iyong binasang seleksiyon.

Sa pagpahahayag opinyon man o katotohanan, tayo ay gumagamit ng mga pangungusap. Ang pangungusap ay may dalawang bahagi, ito ay ang simuno at panaguri.

Ang **simuno** o **paksa** ay pinag-uusapan sa loob ng pangungusap. Ito ay maaaring tao, bagay, hayop, pook, o kaya'y mga pangyayari. **Panaguri** naman ang bahagi ng pangungusap na nagsasabi tungkol sa simuno.

Maliban sa pangngalan, maaari ring maging simuno o panaguri ang isang panghalip, pang-uri, at pandiwa.

Sa karaniwang-ayos ng pangungusap, ang panaguri ay nauuna kaysa sa paksa. Samantalang sa di-tuwirang ayos, nauuna ang paksa nito kaysa sa panaguri. Gumamit din ito ng panandang pangkayarian na *ay*.

Pag-aralan mong mabuti ang sumusunod na pangungusap:

1. **Ang gurong si Gng. Calay** ay nagtungo sa bahay ng mag-aaral na si Lito.
2. Naglalakad **si Lito** nang nakasalubong niya ang kaniyang Guro.
3. **Ang pag-aaral ni Lito** ay kukumustahin ni Gng. Calay.

Pansinin na ang mga salitang nakasulat nang mariin ay tinatawag na **simuno**. Ito ang pinag-uusapan sa pangungusap.

Ituloy mo ang pag-aaral sa sumusunod na pangungusap.

1. Ang paghuhugas ng kamay ay **mabisang panlaban sa Covid-19**.
2. Ang *COVID-19* ay **naipapasa ng tao-sa-tao sa pamamagitan ng talsik ng laway**.
3. Ang *virus* ay **namamatay daw kapag naarawan**.

Tandaan na ang mga salitang nakasulat nang mariin ay tinatawag namang **panaguri**. Ang bahagi ng pangungusap na nagsasabi sa simuno.

Tingnan naman natin ang pagsusuri sa pahayag kung **opinyon o katotohanan**. Paano ba natin masusuri kung ang pahayag ay opinyon o katotohanan?

Mula sa ating lunsarang teksto, sino sa dalawang tauhan ang sa palagay mo ay nagsasabi ng opinyon at katotohanan?

Ganito ba ang sagot mo?

Si Gng. Calay ay nagsasabi ng **katotohanan** dahil ang kaniyang pahayag ay galing o buhat sa mapagkakatiwalaang sanggunian katulad ng DOH at IATF. Samantala, si Lito naman ay **opinyon** lamang ang pahayag dahil hango lamang ito sa kaniyang sariling pananaw, at walang mapagbabatayang mapagkakatiwalaang katotohanan.

Ang katotohanan ay pahayag na naglalahad ng tiyak na paksa o pangyayari galing sa tiyak o totoong pinanggalingan ng impormasyon. Ibig sabihin, lehitimo ang pahayag. Ito ay may mga patunay. Ito rin ay mga pahayag na may patotoo o iyong tinatawag sa Ingles na may **mode of verification (MoV)**. Maaari rin itong gamitan ng ilang pahayag tulad ng: sa totoong lang, ayon sa pagsusuri, bilang patunay, batay sa pag-aaral.

Ang **opinyon** ay pahayag batay sa damdamin ng isang tao sapagkat sinasabi nito kung ano ang iniisip at nadarama niya tungkol sa isang bagay o isyu. Maaaring ito ay haka-haka, palagay, o kuro-kuro lamang at walang makapagpapatunay na ito ay totoo. Sa pagkakataong ito, ang palagay ng isang tao ay maaari pang salungatin ng ibang tao. Maaari itong gamitan ng ilang pahayag tulad ng: sa palagay ko, para sa akin, sa tingin ko, pakiramdam ko, naniniwala ako, sa aking opinion, kung ako

ang tatanungin, sa aking pananaw, naniniwala ako, hindi kailanman, talagang hindi, lahat, karamihan, hindi bababa sa, pinakamasama, pinakamagaling, at tila.



Ako’y natutuwa sa iyong kahusayan sa pagsagot ng mga gawain. Gusto mo bang maglaro? Tara, laro tayo ng hulaan! Humanap ka ng kalaro sa kahit sinong miyembro ng inyong pamilya. Pabilisan kayo sa pagsasabi kung anong uri ng pahayag ang sumusunod. Simulan na ninyo ang laro.



## Pagyamanin

**Gawain A: Panuto-** Sa tulong ng iyong kapatid o kaibigan, suriin ninyo kung **opinyon o katotohanan** ang sumusunod na mga pahayag. Pabilisan kayo sa pagbasa at pagsagot. Ang mauna sa pagsagot at may pinakamaraming tamang sagot, ang siyang panalo. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang *COVID-19* ay isang nakahahawang sakit na dulot ng bagong *coronavirus*.
2. May mga taong ang gawain ay magsilbi sa kapuwa.
3. Sa palagay ko, si Manny ang pinakamatalino sa kanilang klase.
4. Ayon sa DOH, ang madalas na paghuhugas ng mga kamay ay isang paraan sa pag-iwas na mahawa ng Covid-19.
5. Para sa akin, kailangan nating sundin ang pitong simpleng hakbang upang maprotektahan ang sarili at ang iba laban sa COVID-19.

**Gawain B: Panuto-** Gamit ang mga pangungusap sa **Gawain A** sa itaas, tukuyin kung alin ang simuno at panaguri sa bawat pangungusap. Sa pagsagot, gawing batayan ang tsart sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Simuno	Panaguri
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	



## ***Isaisip***

Kaibigan, kaunti na lang at matatapos na ang ating paglalakbay. Kompletuhin ang sumusunod na pahayag. Isulat mo ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang anumang pahayag ay ginagamitan ng mga pangungusap. Ang pangungusap ay may dalawang bahagi. Ang pinag-uusapan sa pangungusap ay tinatawag na (1)\_\_\_\_\_. Ang nagsasabi naman tungkol sa pinag-uusapan ay tinatawag na (2)\_\_\_\_\_.

Ang pahayag na (3) \_\_\_\_\_ ay may mga patunay at hindi kathang-isip lamang. Samantala ang (4) \_\_\_\_\_ ay pansariling pananaw tungkol sa isang paksa o isyu.



## ***Isagawa***

**Gawain A: Panuto-** Basahin at suriin ang kasunod na mga pahayag. At pagkatapos, batay sa iyong kaalaman o kaya'y karanasan, kilalanin ang mga ito kung **katotohanan** o **opinyon**. Patunayan ang sagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Sa palagay ko, malungkot ang mga *frontliners* sa muling pagtaas ng bilang ng mga nagpositibo sa Covid-19.
2. Ayon sa Pamahalaang Duterte, malaking hamon sa kabuhayan ng mga Pilipino ang *Covid-19*.
3. Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas at mabisa, ayon sa pagsusuri ng mga dalubhasa.



## Tayahin

**Gawain A: Panuto**–Basahin at suriin nang may pang-unawa ang sumusunod na mga pahayag. Pagkatapos, kilalanin kung ito ay **katotohanan** o **opinyon**. Isulat ang sagot sa hanay nito. At mula rin sa bawat pangungusap, piliin ang simuno at panaguri. Isulat ang mga ito sa hanay. Gamiting gabay sa pagsagot ang kasunod na halimbawa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Halimbawa: Keso ang paboritong palaman sa tinapay ni Rea.

Uri ng pahayag	Simuno/Paksa	Panaguri
katotohanan	keso	paborito

1. Sa aking palagay, pinakikinggan ako ng Diyos, dahil natupad ang hiling ko noong Pasko.
2. Ipinagdiriwang tuwing ika-25 ng Disyembre ang Pasko sa Pilipinas.
3. Ang iba't ibang relihiyon ay batay sa paniniwala ng tao. Ito ay nakasulat sa aklat.
4. Taon-taon ang Pasko ay pinagdiriwang ng ~~sa~~ maraming bansa sa mundo.
5. Kambal na biyaya ang natanggap ng mag-anak na taimtim na nananampalataya.



## Karagdagang Gawain

Gumupit o kumopya ng isang pahayag at suriin ang mga nilalaman nito kung opinyon o katotohan. Tukuyin ang simuno at panaguri sa pamamagitan ng pagkulay rito. Berde para sa simuno, at dilaw naman para sa panaguri.



Binabati kita kaibigan sa matagumpay mong pagtatapos sa iyong mga gawain sa modyul na ito. Nakatitiyak akong magagamit mo ang iyong napag-aralan sa pang-araw-araw na pamumuhay. Muli tayong magkita sa Modyul 7 para sa isa na namang paglalakbay. Hanggang sa muli, ito ang iyong kaibigang si Kokoy. Paalam!



## Susi sa Pagwawasto

1. Naniniwala si Lito na ang covid-19 ay hindi nakahahawa. Okay lang an hindi magsuot ng facemask. At namamatay raw ang virus kapag naaarawan.
2. Si Gng. Calay ang nagsasabi ng katotohanan kasi may mga *references* siya nang kanyang mga sinasabi. Samantala si Lito ay opinyon lamang dahil ang kanyang mga sinasabi ay batay lamang sa kanyang pananaw.
3. Ang mensahe ng kuwento ay dapat sundin ang mga alituntunin, o mga protocols para hindi magkasakit ng covid.


**Tuklasin**  
**Gawain A** (Maaring ganito ang mga sagot)

Si Nicole	ay isang mag-aaral.
Ako	ay gumigising nang alas seis.
Kami	alas-onse y medya kumakain
Nanay ko	pag-uwi sa gabi
Parang pag-aaral	mahirap
<b>Simuno</b>	<b>Panaguri</b>

**Gawain C** (maaring magkakabit ang mga mag-aaral. Puwede ring ganito ang sagot)

1. pang-apat na talata
2. una, pangalawa at pangatlong talata

**Gawain B**



**Balikan**  
 Gawain A (Puwede ganito ang maging ganito ang sagot ng bata)

1. Ang programa sa edukasyon ng Pilipinas ay K to 12.
2. Para sa akin, ang basuro ang pinalakalaganang katulong sa pamayanan.
3. Ang COVID-19 ay isang nakahahawang sakit na dulot ng bagong coronavirus.
4. Sa tabing-dagat daw magandang magtayo ng bahay-bakasyunan.
5. Filipino ang Pambansang Wika ng Pilipinas.

**Subukin**  
**Gawain A**

**Gawain B** (Maaaring ganito ang sagot ng mga bata)

Nagtungo ang gurong si Gng. Calay sa bahay ng mag-aaral na si Lito.

Kukumustahin niya ito sa kaniyang pag-aaral gamit ang modyul.

Sa kaniyang paglalakad, nakasalubong niya si Lito mula sa pakikipaglaro.

**Pagyamanin**

**Gawain A**

1. katotohanan
2. opinyon
3. opinyon
4. katotohanan
5. opinyon

**Gawain B**

<b>Simuno</b>	<b>Panaguri</b>
COVID-19	isang nakakahawang sakit
may mga taong ang gawain	magsilbi sa kapwa
Si Manny	pinakamatalino
madalas na paghuhugas ng kamay	isang paraan sap ag-iwas na
ang basurero	pinakamahalagang katulong

**Isaisip**

1. simuno
2. panaguri
3. katotohanan
4. opinyon

**Isagawag**

1. Ang pahayag ay opinyon dahil ito ay palagay lamang ng nagsasalita. Walang basahin at pananaw lamang nagsasalita.
2. Katotohanan ang pahayag, dahil ito ang balita.
3. Katotohanan ang pahayag dahil ang nagsabi ay kilalang tao, at isang bayani.

**Tayahin**

**Gawain A**

<b>Uri ng pahayag</b>	<b>Simuno/Paksa</b>	<b>Panaguri</b>
1. opinyon	Ako/ hiling ko	Pinakikinggan
2. katotohanan	ang pasko sa Pilipinas	Ipinagdiriwang
3. katotohanan	iba' ibang relihiyon	Nakasulat sa aklat
4. katotohanan	Si Gloria	Nakakuha nang mataas na marka
5. Katotohanan	Corazon Aquino	Kauna-unahang babaeng pangulo.



## **Sanggunian**

Gonzales, E. S. (2010). *Ang Wikang Filipino, Batayang Aklat, Ikaapat na Baitang*, 160, 217.

Patena, A. R., & Dimalanta, M. R. (2010). *Komunikasyon, Batayan at Sanayang Aklat sa Filipino: Bahagi ng Pangungusap at Pagsuri sa Katotohanan at Opinyon*, 8-9, 18, 121, 161-162, 233-234.

Dayag, A. M. (2015). *Pinagyamang Pluma, Wika at Pagbasa para sa Elementary: Pagpapahayag ng Opinyon at Reaksiyon*, 65-66.

Gonzales, E. S. (2009). *Ang Wikang Filipino*, 9-11.

Agbon, Z. Z. & Sy, MA. C. (2013). *Filipino: Daan Tungo sa Pagbabago at Pag-unlad*, 62-63.

SF.gov (2021) *Ang mga Katotohanan tungkol sa mga Bakuna ng COVID-19*. <https://sf.gov/sites/default/files/2021-02>.

World Health Organization. (2020). *Pitong simpleng hakbang upang maprotektahan ang sarili at ang iba laban sa COVID-19*. <https://www.who.int/philippines/news/feature-stories/detail>.

Aguilar, K. (2019) *Filipinos Spend the most time on internet social media worldwide study*. <https://technology.inquirer.net/83180>

K to 12 Filipino 5 MELC Gabay Pangkurikulum, 2020

Escano, E. J., et.al. (1997) *Filipino: Pagbasa, Modyul*.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)